



# Ligtas na paggamit ng generator

Energy Safe Victoria

## Ang ligtas na paggamit at pagpili ng nabubuhat (portable) na generator

Ang Energy Safe Victoria (ESV), tagapagpasunod sa kaligtasan ng paggamit ng enerhiya sa Victoria, ay nagbibigay ng mga sumusunod na payo para sa mga kasambahayan na walang kuryente at gumagamit ng mga generator.

**Huwag gamitin ang isang generator (o anumang ibang mapagkukunan ng enerhiya) para sa pagbibigay ng kuryente sa mga kagamitang apektado ng tubig-baha.**

### Pagpili ng generator

Ang mga generator ay may ibat-ibang mga kapasidad at kalaki. Ang pinakamarami ay:

- **750 - 1000 Watts:** Ito ay may maliit na kapasidad at maaaring makapagpaandar ng mga maliliit na kagamitan katulad ng:
  - Mga kompyuter, mga charger ng mobile phone, at maliit na bar fridge at mga ilaw na LED para kamping. Hindi puwedeng magpaandar ng isang pampakuluang kaldero o toaster.
- **2000 Watts:** Ito ay may katamtamang kapasidad at maaaring magpapaandar ng isang ordinaryong pambahay na repriherator, microwave o isang pampakuluang kaldero. Maaaring hindi ito makakapagpaandar ng tatlong ito nang sabay-sabay.
- **5000 o 8000 Watts:** Malaki ang kapasidad nito at maaaring magpapaandar ng mga kaparehong kagamitan katulad ng nasa itaas at may karagdagang kapasidad para sa kasangkapang katulad ng pangalawang repriherator o freezer, isang pampainit (heater) na may lamang lana at isang pampakuluang kaldero (kettle) o pantusta ng tinapay (toaster).



Ang mga generator ay ginawa sa natatanging pamantayan ng Australya, na maaaring makita sa labas ng generator. Tingnan ang tatak sa kaliwa, tinatawag na Regulatory Compliance Mark, kilala rin bilang RCM.

### Paggamit ng generator

Ang mga nabubuhat (portable) na generator ay kailangang gamitin nang may pag-iingat dahil maaaring mapanganib sila sa kaligtasan katulad ng pagkakuryente, pagkasunog o pagkahilo (asphyxiation) kung hindi ito ginagamit nang wagas. Mangyaring sundin nitong payo sa kaligtasan sa pamamahala ng mga panganib na kaugnay sa paggamit ng mga nabubuhat na generator sa panahon ng mga pagkawala ng kuryente:

- Upang maikonekta ang isang kagamitan sa bahay sa generator, isaksak (plug in) ang kadugtong na kable ng kuryente (extension lead) sa generator na may double adaptor o power board sa dulo upang maidugtong ang ibang mga kasangkapan katulad ng repriherator.
- Huwag baguhin ang kaayusan ng mga kable ng kuryente sa bahay para makapaglagay ng generator. Anumang mga pagbabago sa kable (wiring) ng iyong bahay ay dapat gagawin lamang ng isang lisensyadong electrician.

- Ang generator ay dapat lamang na gagamitin sa labas, sa lugar na mahusay ang bentilasyon.
- Ang mga portable na generator ay hindi dapat gamitin sa loob o sa mga lugar na nakatakip. Sila ay nagsisingaw ng carbon monoxide na hindi mo makikita o maaamoy, at maaaring magdudulot ng pagkakalason ng carbon monoxide at kagyat na pagkakahilo, at pagkakamatay.
- Ang mga generator ay dinisenyo na mapapaandar sa labas. Inirerekumenda na ang generator ay ipuwesto sa labas katulad ng garahe na may mahusay na bentilasyon at protektado sa masamang panahon, Kung nagpuwesto ng iyong generator, tiyakin mo na:
  - nakatayo ang generator sa patag na lugar
  - tiyakin na ang kanyang tambutso (exhaust) ay hindi umiihip sa may mga materyales na madaling masunog, o bumabalik sa bahay
  - pumili ng lugar na may proteksyon sa masamang panahon katulad ng garahe, ibaba ng medya agua o beranda
  - huwag takluban ang generator dahil ang tambutso nito as napaka-init at maaaring makasunog sa anumang materyal na masagi nito at pagmumulan ng sunog
  - sundin ang mga tagubilin sa generator tungkol sa tamang paglagay ng gas nito;
    - **Palaging tiyakin na ang generator ay hindi umaandar at malamig na bago magkarga ng gas nito**
    - **Maging lubos ang iyong kamalayan na huwag tapunan nito ng gas dahil maaaring magliyab ang mainit na tambutso**
    - **Huwag manigarilyo sa malapit ng generator, at patayin ang anumang apoy bago magkarga ng gas.**
- Gumamit lamang ng mga matibay (heavy-duty) na gawad ng kuryente at nasa magandang kondisyon at hindi bababa ng lebel sa mga watts o amps ng generator.
- Protektahan ang mga lugar ng pinagkakabitang kable (extension chord) at kagamitan mula sa masamang panahon. Maraming mga produkto na mabibili katulad ng safety box, na makikita sa kanan.
- Huwag subuking lagyan ng kuryente ang bahay sa pamamagitan ng pagkonekta sa generator sa isang saksakan sa dingding o switchboard, maliban kung may kasalukuyang natatanging saksakan para sa generator. Ito ay magresulta ng 'back-feed' na maaaring mapanganib sa kaligtasan ng mga manggawa ng mga kasangkapan sa bahay at kapitbahay (halimbawa: mga kasamang manggawa sa iisang kumpanya). Ang anumang pagbabago sa pagkakatagay ng mga de-kuryenteng kagamitan ay dapat na gagawin lamang ng isang lisensyadong electrician.
- Tiyakin na ang gas ay nakaimbak sa mga tamang lalagyan at malayo sa mga maaaring pagsimulan ng apoy (halimbawa: gas water heater).



## Sino kami

Ang ESV ay tagapagpasunod sa kaligtasan ng paggamit sa kuryente, gas at mga tubo ng enerhiya sa Victoria.

Ang aming tungkulin ay tiyakin na ang mga industriya ng gas at kuryente sa Victoria ay ligtas at nakakasagot sa mga kagustuhan ng komunidad. Responsable din kami sa pagbibigay ng lisensya at pagpaparehistro sa mga electrician, at pagbibigay ng kaalaman sa komunidad tungkol sa kaligtasan sa enerhiya.

## Kontakin kami

**ESV:** 03 9203 9700 o 1800 800 158 (libreng pagtawag sa telepono); o email: [info@energysafe.vic.gov.au](mailto:info@energysafe.vic.gov.au)

May mga karagdagang impormasyon na makukuha sa website ng Energy Safe Victoria [www.esv.vic.gov.au](http://www.esv.vic.gov.au)